---

# Salimisim

***"Sa pagnanasang makaligtas, di aakalaing hahantong sa isang mapait na wakas"***

---

**Jamielaine Butawan**
*Bohol Island State University*

Ako'y tila isang uwak na nakamasid
Sa pinakadulong silid
Tila ito'y nababalot ng mga  lihim na di dapat malaman
Hawak ang iyong kamay, tayo'y maingat na nagmamanman
Alkemiyang wari'y salamangka na sa iba'y bunga ng kabaliwan
Sa hindi sinasadyang pagkakataon, kami'y nabuking
Nakipagbuno't muntik maduling
Gamit ang mala-sangganong galaw kagaya ng bida sa mga nobela,
Liksi't  lakas, ipinakita, isang kapana-panabik na sarsuela!

Hinahabol na para bang tulisan
Sa pagkuha ng bagay na makakaligtas ng sanlibutan
Kami ba kaya'y mapapasalamatan?
Sa palihim naming kabayanihan?
O di ba kaya'y mangyaring mapapasakop pa ng mas makapangyarihan?
Kung ito'y mangyari, nais kong mangatwiran
Na ang mga bagay na ganito ay para  sa kabutihan
Gusto ko nang ngumiti habang papalapit sa palabas na lagusan,
Ngunit hindi ko mawari ang kakaibang nararamdaman

Taliwas sa iyong ngiti ay isa palang patibong
Isang pagkakamali ang hindi ko pakikinig sa mga bulong
Heto't  naguguluhan, humahakbang ng paurong
Ideyang nais sabihin, sayo't matanong
Na ikaw ba'y kaibigan o kaaway?
Ngunit huli ko nang malaman noong ako'y nakahandusay
Sa kabila ng aking pagtitiwala,
Nais mo pala'y ako'y mawala
Habang ako'y tinutusok ng iyong patalim
Ako'y tahimik na namamaalam, nababalot na ng dilim
Mundo ko'y tumigil, mabagal na  salimisim